Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA – 4 NA REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 01 PEBRERO 2010, IKA – 9:30 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis - Tagapangulo
Konsehal Agustin L. Cusi
Konsehal Jocelyn G. Solubo
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Hernan C. Erorita
Konsehal Bernabe S. Mortel
Konsehal Edren Y. Faderon
Konsehal Napoleon M. Dimapilis

Hindi Nakadalo:

Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Rufino D. Lumbres - Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Mary Jamaica Jeigh Q. Sarmiento- Pangulo, Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

KAPASYAHAN BLG. 003
Taong 2010

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NI KAGAWAD LEOVIGALDO O. SORIANO NG BARANGAY SAN MIGUEL, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKAT, si Kgg. Leovigaldo O. Soriano ay tunay na simbolo ng isang masipag at matapat na lingkod bayan;

SAPAGKAT, sa kanyang paglilingkod bilang kagawad ng barangay pinagsikapan niyang matuguan sa abot ng kanyang kakayahan ang mga tungkulin na sa kanya ay iniatang bilang Kagawad ng Sangguniang Barangay ng Barangay San Miguel, Roxas, Silangang Mindoro;

SAPAGKAT, sa pagganap sa kanyang tungkulin ipinamalas niya ang dedikasyon at pagpapahalaga sa mga responsibilidad na sa kanya ay itinalaga upang lubos na mapabuti ang kalagayan ng kanyang mga kabarangay at lokal na pamahalaan na kanyang kinabibilangan;

SAPAGKAT, malaking paghanga at paggalang ang kanyang inani mula sa kanyang mga pinagsisibilhan at kasamahan sa Sangguniang Barangay ng San Miguel at kapwa lingkod bayan dahil sa kanyang ipinamalas na pagmamahal sa tungkulin at sa bayan.

SAPAGKAT, sa panahong inilagi niya sa daigdig, ipinakita niya ang pagsisikap na maging responsableng asawa at ama ng pamilya;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sampu ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ay lubos na nakikiramay at nakikidalamhati sa mga naulila ni Kgg. Leovigaldo O. Soriano, Kagawad ng Sangguniang Barangay ng San Miguel ng bayang ito.

DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa pamilya ng pumanaw na Kgg. Leovigaldo O. Soriano, Kagawad ng Sangguniang Barangay ng Barangay San Miguel, Roxas, Silangang Mindoro ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at kawani ng Pamahalaang Bayan ng bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa kanyang maybahay at mga anak lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

PINAGTIBAY : 02 Pebrero 2010

PINATUTUNAYAN KO ang kawastuan ng kapasyahang ito.

FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN.

VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

merz/
020210